REPUBLIKA NG PILIPINAS

**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**

KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan

**KAPASIYAHAN BILANG 92-19**

**KAPASIYAHAN NA NAGSASAAD NG PAGBIBIGAY KARAPATAN SA PUNONGBAYAN IGNACIO R. BUNYE AT PAMBAYANG INGAT-YAMAN EDUARDO A. ALON NA MAGMINTINA O MAGBUKAS NG DEPOSITORY ACCOUNTS SA NGALAN NG PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA SA PHILIPPINE NATIONAL BANK (MUNTINLUPA BRANCH) NA BILANG BANGKONG LAGAKAN (DEPOSITORY BANK).**

********************************************************************

**Ipinanukala ni: Kgg. Roger C. Smith**

********************************************************************

**SAPAGKAT,** ang paglalagak at pagmimintina ng depository accounts sa bangkong pag-aari ng pamahalaan ay alinsunod sa isinasaad ng Chapter 2, Article 1, Section 311 ng R.A. 7160, ang Local Government Code of 1991;

**SAPAGKAT,** higit na mapapangalagaan at may kaseguruhan ang kabang-yaman ng Pamahalaang Bayan sa Philippine National bank, ang pinaka-malaki at pangunahing bangko ng pamahalaan;

**SAPAGKAT,** ang Philippine National Bank (PNB) ay matatag at estabilisadong bangko ng pamahalaan na kinikilala sa pagka-propesyonal, maayos at mabilis na serbisyo;

**SAPAGKAT,** ang pagbubukas at pagmimintina ng depository accounts ng Pamahalaang Bayan ng Muntinlupa sa Philippine National Bank - Muntinlupa Branch ay higit na makabubuti dahil sa protektado at mapapangalagaan ang paglalagak (deposit) o pagkuha (withdrawal) ng salapi dahil sa kalapitan ng bangko sa bahay-pamahalaan lalo na sa panahon ngayon na laganap ang mga bank robberies at pagtambang ng mga armored vehicles ng bangko na may dalang mga salapi;

**SAPAGKAT,** higit na mapapabilis ang proseso ng paglalagak at pagkuha ng salapi ng Pamahalaang Bayan upang magamit sa mga ipinatutupad na programa't proyekto kung may sariling depository account sa pinakamalapit na bangko sa bahay-pamahalaan sa halip na magmumula pa ang tseke sa Ingat-Yaman ng Distrito na nasa Lungsod ng Pasay pa.

**NGAYON, DAHIL DITO,** ay pinagpasiyahan ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa na binibigyan ng karapatan ang pagbibigay karapatan sa Punongbayan Ignacio R. Bunye at Pambayang Ingat-Yaman na magmintina o magbukas ng depository accounts sa ngalan ng Pamahalaang Bayan ng Muntinlupa sa Philippine National bank - Muntinlupa Branch na bilang bangkong lagakan (depository bank)

**PINAGPASIYAHAN PANG MULI** na ang mga pangunahing tagalagda (Principal Signatories) sa mga tseke para sa paglagak o pagkuha ng salapi ng Pamahalaang Bayan sa nabanggit na bangko ay ang Punongbayan Ignacio R. Bunye at Pambayang Ingat-Yaman Eduardo A. Alon lamang.

**PINAGTIBAY NG NAKARARAMING** kasapi ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa, Kalakhang Maynila sa kanilang Tanging Pulong na ginanap noong ika-8 ng Oktubre, 1992 sa Session Hall, People's Center, Bayan ng Muntinlupa.

**PINATOTOHANAN:**

**MGGL. JAIME R. FRESNEDI**
**Pang. Punongbayan/Pangulong Opisyal**

**KGG. ROGER C. SMITH**
**Konsehal**

**KGG. RUFINO B. JOAQUIN**
**Konsehal**

**KGG. ROMAN E. NIEFES**
**Konsehal**

**KGG. DANTE S. ALMARIO**
**Konsehal**

**KGG. ARTURO S. BUNYI**
**Konsehal**

**KGG. LUCIO B. CONSTANTINO**
**Konsehal**

**KGG. MELCHOR R. TEVES**
**Konsehal**

**KGG. REY B. BULAY**
**Konsehal**

REPUBLIKA NG PILIPINAS

**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**

KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan



**KGG. NOLASCO L. DIAZ**
**Konsehal**

**KGG. ALEJADRO L.MARTINEZ**
**Konsehal**

**KGG. ERNESTO A. CARUBIO**
**Konsehal**

**KGG. REYNALDO A. ABAS,JR.**
**Konsehal**

**KGG. VICENTE Y. CHUA**
**Konsehal**
**Kinatawan ng Sektor**
**Pangulo, Samahan ng mga Punong-Barangay**
**(Abstained)**

**PINATUTUNAYAN:**

**PETER B. SALONGA**
**Pambayang Kalihim**

**PINAGTIBAY:**

**MGGL. IGNACIO R. BUNYE**
**Punongbayan**